

Marso 14, 2020

TUNKOL SA: AHS at COVID-19

Minamahal naming Komunidad,

Salamat sa inyong pagtitiwala sa AHS, lalo na sa panahong ito na walang kasiguruhan. Tulad ng aming ginagawa nitong nakaraang 45 taon, patuloy kaming magbibigay sa inyo ng maaasahang pangangalagang pang-kultura at pang-wika, at ipapabatid ang inyong mga alalahanin para maitaguyod natin ang kapakanan ng ating komunidad nang magkakasama.

### **Sa mga pasyente ng AHS:**

***Kasalukuyang limitado nang husto ang supply namin ng mga COVID-19 test kit. Hindi kami tumatanggap ng mga walk-in sa pag-test. Kung wala kang sintomas ng lagnat o ubo, walang dahilan para sumailalim sa pag-test.***

Upang mapagsilbihan ka at limitahan ang pagkalat ng COVID-19 (na kilala rin bilang Coronavirus), hinihiling namin na:

- 1. Kung mayroon kang hindi agaran na appointment, mangyaring tumawag para ma-iskedyul muli ang iyong appointment.*
- 2. Kung nag-aalala ka na maaari kang nalantad sa COVID-19 pero wala kang anumang sintomas, hindi mo kailangang pumunta, pero maaari mo kaming tawagan.*
- 3. Kung nakakaranas ka ng hindi malalang mga sintomas, at naghihinala ka na maaaring may COVID-19 ka, hindi mo kailangang pumunta, pero maaari mo kaming tawagan.*
- 4. Kapag tinawagan mo kami, tutugunan namin ang iyong mga pangangailangan sa telepono. Bibigyan ka namin ng Triage Nurse na magtatasa sa iyong kalagayan at ididirekta ka sa pinakamahasay at pinakaangkop na pangangalaga, sa tamang oras.*
- 5. Pagkatapos ng iyong pag-uusap sa telepono sa isang Triage Nurse, maaari kang i) sabihang manatili sa bahay; o ii) bigyan ng mga tagubilin na pumunta sa klinika ng AHS at bibigyan ka ng appointment; o iii) sabihang pumunta sa Emergency Department.*
- 6. Kung sinabihan kang manatili sa bahay, bibigyan ka namin ng payo at tagubilin para sa pinakamahasay na mga paraan na mapanatili ka at ang iyong pamilya na malusog at ligtas sa bahay.*
- 7. Sa mga paparating na araw at lingo, tataasan namin ang aming mga interaksyon sa pasyente sa pamamagitan ng telepono at video.*

### **Sa Aming Komunidad:**

Ang COVID-19 virus ay nagbabadya ng isa sa pinakamalaking paghamon sa pampublikong kalusugan sa ating panahon. Dahil sa kakulangan sa access sa tumpak at napapanahong pag-test; kakulangan ng maaasahang impormasyon sa lahat ng antas; at sa katunayang ang ating

sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi dinisenyo para tumugon sa ganitong uri ng outbreak, narito tayo sa kalagayang ito ngayon.

Bilang isang bansa, babaguhin namin ang aming pamamaraan mula sa pagpigil ng paglaganap ng sakit papunta sa paglimita ng pinsala sa pamamagitan ng mga estratehiya sa pagpapahupa ng sakit sa komunidad. Dahil maaaring madaling kumalat ang virus sa matataong lugar, nagsagawa ng mga hakbang para sa pampublikong kalusugan para mapalawak ang espasyo sa pagitan ng mga tao para mapabagal ang pagkalat ng virus. Ang tawag dito ay “social distancing,” at sa pangkalahatan ay nangangahulugan ito na pag-iwas sa maraming tao. Maaaring kabilang dito ang pagkakansela ng mga pagtitipon ng malalaking grupo, tulad ng sa simbahan at mga kasalan. Ang iba pang mahahalagang bagay na dapat gawin ay ang paghuhugas ng iyong mga kamay nang may sabon nang 20 segundo, pag-iwas na hawakan ang iyong mukha nang hindi naghuhugas ng kamay, pananatili sa bahay kung ikaw ay may sakit, at pagtakip ng iyong bibig kapag umuubo ka o bumabahing. Sa pamamagitan ng mga simpleng hakbang na ito, tunay na makakagawa tayo ng malaking pagkakaiba sa kung gaano kabilis at kalawak kumalat ang virus sa iba, kabilang ang ating mga kapamilya at komunidad.

Kung mayroon kang mga alalahanin, mangyaring magpadala ng email sa amin sa [COVID19@ahschc.org](mailto:COVID19@ahschc.org). Pakitandaan na hindi kami makakatugon sa lahat ng email ngunit babasahin naming ang inyong mga mensahe habang patuloy kaming nagsisilbi at nagtataguyod sa ngalan ng ating komunidad. Patuloy tayong magtulungan para panatilihin ang ating komunidad na ligtas at malusog.

Nagpapasalamat,

Sherry Hirota, Chief Executive Officer  
Dr. George Lee, Chief Medical Officer  
Dr. Thu Quach, Chief Deputy of Administration  
Julia Liou, Chief Deputy of Administration  
Dong Suh, Chief Deputy of Administration  
Dr. Huong Le, Chief Dental Officer  
Kao Saechao, Specialty Mental Health Division Director